



# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-17 ng Mayo, 2022

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

## PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO: SIMPLE, MAGINHAWA, SECURE

Habang nagsisimulang lumabas ang mga balota sa mga mailbox sa kabuuan ng County ng San Diego, ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ay hinihikayat ang mga botante na bumoto nang maaga.

Mahigit sa 1.9 na milyon na balota para sa [Ika-7 ng Hunyo na Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon](#) ay naipadala na sa mga rehistradong mga botante noong nakaraang linggo. Kung hindi pa ninyo natatanggap ang sa inyo hanggang Martes, Ika-17 ng Mayo, kontakin ang opisina ng Tagapagrehistro.

“Hindi na ninyo kailangan maghintay pa hanggang sa araw ng Eleksyon para bumoto,” sabi ni Cynthia Paes ang Tagapagrehistro ng mga Botante. “At kung mas maaga naming matanggap ang inyong balota, mas masisimulan ang pagproseso nito sa lalong madaling panahon. Ang inyong balota ay maaaring nasa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.”

### Pagboto sa pamamagitan ng koreo:

- **SIMPLE:** Isang balota, mga instruksyon at isang “Bumoto Ako” sticker ay nakalakip sa inyong opisyal na pakete ng balota.
- **MAGINHAWA:** Gumawa ng mga desisyon sa pagboto at markahan ang inyong balota nang kumportable sa inyong tahanan.
- **SECURE:** Pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito postage free sa isang pinagkakatiwalaan na source:
  - Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo. Para sa lokasyong malapit sa inyo, bisitahin ang [U.S. Postal Service office o collection box](#) website.
  - Ibalik ito sa isa sa mga [132 na opisyal na mga lokasyon ng mail ballot drop-off](#) sa kabuuan ng county. Hanapin ang isa sa pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan



COUNTY NG SAN DIEGO

# MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-17 ng Mayo, 2022

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

ng pagbisita sa [online locator tool](#) ng Tagapagrehistro. I-check ang bawat oras ng operasyon ng lokasyon bago pumunta.

- Ibalik ito sa [opisina ng Tagapagrehistro](#) kung saan ang maagang pagboto ay kasalukuyang idinaraos na. Ang mga oras ng operasyon ay mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Lunes hanggang Biyernes.

Ang mga botante na nagbalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up sa "[Nasaan Aking Balota?](#)".

Maaari mo ring piliing bumoto nang personal sa alinmang vote center.

- Simula Sabado, Ika-28 ng Mayo, [mga piling vote center](#) ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng gabi kabilang ang Memorial Day sa Lunes, Ika-30 ng Mayo. Pagkatapos simula sa Sabado, Ika-4 ng Hunyo, mahigit [200 na mga vote center](#) ay magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Ang lahat ng mga lokasyon ng mga vote center ay magbubukas sa Araw ng Eleksyon, Ika-7 ng Hunyo, kung kailan ang oras ng pagboto ay magiging ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng hapon.

Matuto nang higit pa tungkol sa inyong pagboto sa Primaryang Eleksyon sa Hunyo sa [sdvote.com](#), tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTY**NEWS**CENTER



COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE  
[1600 Pacific Highway, Room 208 · San Diego, Ca 92101-2472](#)